Even in the IMPOSSIBLE

# Pagkabalisa at Kapayapaan

**WEEK 5**

## WARM-UP

- Kung magkakaroon ka ng pagkakataong maging bihasa sa isang kasanayan, ano ang pipiliin mo at bakit?
- Paano ka kadalasang tumutugon sa utos ng iyong magulang o asawa? Bakit?
- Sino ang kadalasan mong tinatakbuhan para hingan ng tulong? Bakit sa kanya ka lagi lumalapit?

## WORD

22 *Isang araw, sumakay ng bangka si Jesus kasama ang*
*mga tagasunod niya. Sinabi niya sa kanila, "Tumawid*
*tayo sa kabila ng lawa." At ganoon nga ang ginawa nila.*
23 *Nang naglalayag na sila, nakatulog si Jesus. Maya-maya'y*
*lumakas ang hangin at pinasok ng maraming tubig ang*
*bangka nila, kaya nalagay sila sa panganib.* 24 *Nilapitan*
*si Jesus ng mga tagasunod niya at ginising, "Guro! Guro!*
*Lulubog na tayo!" Bumangon si Jesus at pinatigil ang*
*malakas na hangin at ang malalaking alon. Tumigil ang*
*mga ito at biglang kumalma ang panahon.* **LUCAS 8:22–24**

Lahat tayo—kahit ang mga tagasunod ni Jesus—ay dumaranas ng mga bagyo at pagsubok na tila imposible. Binalaan tayo ni Jesus tungkol dito, pero binigyan din Niya tayo ng katiyakan na: *nagtagumpay na siya laban sa kapangyarihan ng mundo* (Juan 16:33). Ngunit, madalas pa rin nating nadaratnan ang ating mga sarili na balisa at takot kapag may mga dumarating na kaguluhan, at nagtatanong tayo: *Bakit tayo dumaranas ng mga paghihirap kahit na sumusunod naman tayo sa Diyos? Tayo ba ang may kasalanan? Alam ba Niya ang nangyayari? Matutulungan ba Niya tayo dito?* Sa gitna ng mga problema at pagkabalisa ng mga disipulo ni Jesus sa kwentong ito, makikita natin ang Kanyang kapangyarihan at pamamahala.

## 1 Pinangunahan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo.

*[22]Isang araw, sumakay ng bangka si Jesus kasama ang mga tagasunod niya. Sinabi niya sa kanila, "Tumawid tayo sa kabila ng lawa." At ganoon nga ang ginawa nila. [23]Nang naglalayag na sila, nakatulog si Jesus. . . .* **LUCAS 8:22–23**

Nagbigay ng salita si Jesus, at ito ay sinunod ng Kanyang mga disipulo. Mukha silang handang sumunod sa sasabihin ni Jesus, saan man Siya mamuno, sa isang malaking grupo man ng tao o sa isang hindi inaasahang lugar. Kung tutuusin, alam nila na ito ang pinakamagandang posisyon para makita nila ang mahimalang kapangyarihan ng Diyos. Paano mo natutunang sundin si Jesus, ayon sa sinasabi ng Kanyang salita?

................................................................................

................................................................................

## 2 Pinangunahan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo sa mahirap na sitwasyon.

*[23]. . . Maya-maya'y lumakas ang hangin at pinasok ng maraming tubig ang bangka nila, kaya nalagay sila sa panganib. [24]Nilapitan si Jesus ng mga tagasunod niya at ginising, "Guro! Guro! Lulubog na tayo!" . . .* **LUCAS 8:23–24**

Dahil sinunod nila si Jesus, iniisip siguro nila na hindi nila kakailanganin ang isang himala. Ang mga bihasang mangingisda ay nabigla sa pagdating ng bagyo. Sumunod sila kay Jesus, ngunit naghahanap din sila ng paraan para mabuhay. Kahit sa panahon natin ngayon, may mga pagsubok na dumarating sa ating pagsunod kay Jesus. Ang pagsunod kay Jesus ay hindi katiyakan na wala na tayong mararanasang bagyo sa ating buhay. Hindi lamang iyon, maaari rin tayong akayin ng Diyos para pagdaanan ang bagyo ng buhay para matuto tayong magtiwala sa Kanya. Kaya kailangan nating iayon ang ating mga sarili kay Jesus at sa Kanyang salita. Kapag ang salita ng Diyos ay hinahamon ng mga kaganapan sa ating buhay, paano mo natutunang tumugon sa Kanya?

................................................................................

................................................................................

## 3 Pinangunahan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo upang maranasan nila ang Kanyang kapangyarihan at awtoridad.

*[24]Nilapitan si Jesus ng mga tagasunod niya at ginising, "Guro! Guro! Lulubog na tayo!" Bumangon si Jesus at pinatigil ang malakas na hangin at ang malalaking alon. Tumigil ang mga ito at biglang kumalma ang panahon. [25]Pagkatapos, tinanong ni Jesus ang mga tagasunod niya, "Nasaan ang pananampalataya ninyo?" Namangha sila at natakot, at nag-usap-usap, "Sino kaya ito? Kahit ang hangin at ang alon ay inuutusan niya, at sinusunod siya!"* **LUCAS 8:24–25**

Ang reaksyon ng mga disipulo sa bagyo ay tama lamang. Kung tutuusin, sila ay nasa panganib. Ngunit kasama nila si Jesus. Nakita nila mismo kung paano gumawa ng iba't-ibang himala si Jesus, na nagsilbing patunay ng Kanyang kapangyarihan sa kalikasan (Lucas 5:5–6). Sa kanilang kultura, alam na nila na ang Diyos ang namamahala sa hangin at mga alon. Ang bagyo na kanilang naranasan ay hindi na hamon para kay Jesus, ngunit sa kanilang pagkataranta, ang mga disipulo ay nakalimot. Pinakalma ni Jesus ang bagyo at alon sa pamamagitan lamang ng Kanyang mga salita, at tinanong Niya sila, *"Nasaan ang pananampalataya ninyo?"* Nang nakita nila ang himala, sila ay labis na namangha at matiwasay na nakarating sa kabilang panig ng lawa (Lucas 8:26). Balikan ang isang pagkakataon kung saan mahimala kang inakay ng Diyos palabas ng isang mahirap na sitwasyon.

Ipinakita ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na sa Kanya, magkakaroon sila ng kapayapaan sa gitna ng bagyo ng buhay. Ganoon din sa atin. Kapag nakakaranas tayo ng mga hamon sa buhay at humaharap sa tila mga imposibleng sitwasyon, maaari pa rin tayong magkaroon ng kapayapaan kay Cristo. Nagtagumpay na Siya laban sa kapangyarihan ng mundo (Juan 16:33). Sa kabila ng mga nagbabadyang problema, tayo'y tumingin kay Jesus. Siya ang ating kapayapaan.

## APPLICATION

- May mga pangako ba o utos ang Diyos na tila hindi na matutupad sa buhay mo? Sa tingin mo, paano ka maaaring tumugon sa Kanya, na naaayon sa natutunan mo ngayon?
- Kahit hindi maiwasang magkaroon ng bagyo sa buhay, ang Diyos ang namamahala sa kalikasan at sa sanlibutan. Sino ang maaari mong mabigyan ng lakas ng loob dahil sa katotohanang ito? Ideklara ang kapayapaan at kapangyarihan ng Diyos sa kanyang buhay.
- Ano ang ilang mga praktikal na bagay na magagawa mo para paalalahanan ang iyong sarili at ang iba tungkol sa kapayapaan ng Diyos sa gitna ng pagkabalisa at kawalang katiyakan? Paano mo mabibigyan ng lakas ng loob ang iba ngayong linggo, ayon sa katotohanang pinag-usapan natin ngayon?

## PRAYER

- Ipahayag ang Juan 16:33 sa buhay mo araw-araw sa linggong ito. Pasalamatan ang Diyos dahil Siya mismo ang ating kapayapaan at Siya ay patuloy na kumikilos sa ating buhay.
- Isuko sa Diyos ang iyong pagkabalisa at pag-aalala. Ipanalangin na palagi mong maaalala ang salita ng Diyos at ang pag-asa na mayroon ka sa Kanya, dahil walang mas nakatataas sa Kanyang kapangyarihan at pamamahala.
- Ipanalangin sa Diyos na palakasin ang iyong pananampalataya sa Kanyang salita habang humaharap ka sa mga pagsubok. Ipanalangin na ang buhay mo ay maging patotoo ng pagmamahal ng Diyos at kapangyarihan Niya sa mga taong nasa iyong paligid, lalo na sa mga nangangailangan ng himala.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Chrysse Manuel-Pili, Bea Salcedo

victory.org.ph